# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 11, 2022, LUNES, IKA-10:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 13 MAY 2022 Date: Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGG. BAYAN RELEASED NAME: DATE: 5/13/22 TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 274-T2022**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG SAN JUAN TODA ORGANIZATION BILANG SAMAHAN NA MATATAGPUAN SA BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Samahan ng San Juan TODA Organization upang sila ay kilalanin bilang isang lehitimong samahan na bahagi ng Civil Society Organization ng pamahalaang lokal ng Santa Cruz, Laguna.

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa mga programang Pangkabuhayan, Pangkaunlaran at Pangkapayapaan ng Pamahalaang Bayan;

**SAPAGKAT**, layuning mabigyan ng tamang pagkilala bilang isang samahan sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno ng Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Louie C. De Leon at Kgg. Efren L. Diaz at pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Kilalanin ang San Juan TODA Organization bilang Samahan na matatagpuan sa Barangay San Juan, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, at, Samahang San Juan TODA Organization, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 11, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Teresa R Labog

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
05-02-22